
# GAMIT NG PANG-URI AT PANG-ABAY/ IISANG BAYBAY MAGKAIBANG BIGKAS AT KAHULUGAN

*Magandang araw! Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:*

- *Makapagpapakita na ng pagkakaiba ng gamit ng pang-uri at pang-abay sa parirala o pangungusap.*
- *Makapagbibigay na ng kahulugan ng mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ng kahulugan at bigkas.*
- *Makapagpapabuti na ng pagkakasulat ng isang talata sa tulong ng pang-abay*

## Pagbalik-aralan Mo



Tingnang mabuti ang larawan.

Ano ang mapapansin sa tabi ng bahay?
Sino ang nagpaparada?
Sinu-sino ang mga nanonood?

Ganito ba ang sagot mo?

1. isang puno.
2. banda ng musiko.
3. mga bata.

Magaling!!!

## Pag-aralan Mo

### Pista sa Barangay

"Heto na ang musiko. Baba na ako," sigaw ni Bert sa mga kalaro.

"Oo nga! Dali! Baka malampasan tayo," nagmamadaling bumaba sa puno ng makopa ang mga bata.

Nagkagulo ang mga bata nang makita ang Ati-atihan na sumasayaw sa saliw ng tugtog ng mga tambol.

Buong siglang umiko't-ikot ang mga majorette at ang kanilang baton habang tumutugtog ang banda.

Ang mga tao ay talagang nagkakagulo. Talagang ang saya ng pista sa barangay. Puno ng pagkain ang mesa, may adobong manok, mitsadong karne ng baka, paksiw na pata at marami pang iba.

May banda ng musiko sa umaga at sa gabi'y may prusisyon sila. Suot ng mga matatanda ang kanilang saya at nakikihanay sa mga kabataang umiilaw sa prusisyon.

Ang problema ay nararamdaman sa kinabukasan o ilang araw pagkatapos ng pista. Pata at malata ang katawan ng mga tao. Kung wala silang natirang handa ay magtitiis na lang sila sa mga de lata o di kaya'y sa ginataang gabi.

Ganyan ang mga Pilipino noon. Subalit unti-unting nang nagbabago. Ipinagdiriwang pa rin ang kapistahan at ipinaghahanda, subalit sa abot na lang ng kanilang makakaya.

Tapos ka nang bumasa. Sagutan mo naman ang mga tanong sa iyong kuwaderno.

1. Anong sinabi ni Bert sa bagong mga kalaro?
2. Paano mo mailalarawan ang pista sa barangay?
3. Ano ang suot ng matatanda kung sila ay nagpuprusisyon?
4. Anu-anong pagkain ang makikita sa mesa?
5. Masaya ka rin ba kung pista sa inyong pook?

Ganito ba ang mga sagot mo?

1. Baba na tayo baka makalampas tayo.
2. Ang saya ng pista sa barangay.
3. Saya ang suot ng matatanda habang sila ay nagpuprusisyon.
4. Puno ng pagkain ang mesa gaya ng adobong manok, mitsadong karne, paksiw na pata at iba pa.
5. Oo, masaya rin ako dahil may mga palabas, may banda ng musiko, may paligsahan at iba pa.

May nabasa kang mga salita na magkatulad ang baybay ngunit magkaiba ang kahulugan sa kuwentong iyong binasa. Piliin mo sa kuwento ang mga ito. Isulat mo sa kuwaderno.

1. {

2. {

3. {

4. {

5. {

Alam ko na magaling ka!!!

Tingnan mo nga kung ganito ang mga isinulat mo?

puno ng makopa
puno ng pagkain
saya ng pista
ang suot na saya
paksiw na pata
pata ang katawan
baka malampasan tayo
mitsadong baka
pagkaing de lata
lata ang katawan

Narito ang iba pang halimbawa. Pansinin ang mga salitang may salungguhit. Basahin ang mga pangungusap.

1. Buhay na ang itinanim kong maliit na puno ng akasya.
2. May kaya sa buhay ang napangasawa ni Kadyo.
3. Malalakas ang tahol ng aso.
4. Ang asong niluluto niya ay lumikha ng paso sa kanyang kamay.
5. Nabasag niya ang magandang paso ng halaman.
6. Maluluwang ang taniman ng tubo sa Negros.
7. Maliit lang ang tubo ng perang inilagak niya sa bangko.
8. Bunot na ang pananim.
9. Bunot na halos ang pinto nawasak pa.
10. Pito silang magkakaibigan na taga-Maynila.
11. Binigyan ng tigi-tigisang pito ang mga pulis.

Binigkas mo ba ng katulad ng sumusunod ang mga salitang may salungguhit?

1. buhay – mabilis ang bigkas
2. buhay – malumay ang bigkas
3. aso – malumay ang bigkas
4. aso – mabilis ang bigkas
4. paso – malumay ang bigkas
5. paso – mabilis ang bigkas
6. tubo – mabilis ang bigkas
7. tubo – malumay ang bigkas
8. bunot – mabilis ang bigkas
9. bunot – malumay ang bigkas
10. pito – mabilis ang bigkas
11. pito – malumay ang bigkas

## Isaisip Mo

> Magkakaiba ang kahulugan ng ilang salitang iisa ang baybay dahil sa pagkakaiba sa diin ng pagbigkas dito. Nagkakaiba rin ayon sa gamit sa pangungusap.

Ngayon, basahin mo ang sumusunod na usapan.

Jose: Mataas ang punong iyon.
Dahan-dahan ka.
Roy: Naku, sanay si Deng umakyat.
Jose: Kanina lang umaga umulan.
Deng: Hayaan ninyo hahawak akong mabuti.
Roy: Sige; hihintayin ka namin doon sa may sapa.
Deng: Pumito ka kapag uuwi na tayo. Dali-dali akong bababa.
Jose: Umuwi tayo agad pagbaba mo.
Maingat na umakyat si Roy.
Nagmamadali siyang bumaba nang marinig ang pito ni Jose.
Napahawak siya sa isang marupok na sanga. Nabali ito, kasabay nito ang mabilis na paglagpak ni Deng sa lupa.
Humahangos na sumaklolo sina Jose at Roy.

Pag – aralan ang sumusunod na talahanayan.

| A | | B | |
|---|---|---|---|
| Salitang Naglalarawan | Inilalarawan | Salitang naglalarawan | Inilalarawan |
| mataas | puno | dahan-dahan | umakyat |
| madulas | puno | sanay | umakyat |
| | | kaninang umaga | umulan |
| marupok | sanga | mabuti | hahawak |
| | | sa may sapa | hihintayin |
| | | dali-dali | bababa |
| | | maingat | umakyat |
| | | nagmamadali | bumaba |
| | | mabilis | lumagpak |
| | | humahangos | saklolo |

Aling hanay ng salita ang naglalarawan ng pangalan? Alin ang naglalarawan ng pandiwa?

##  Isaisip Mo

Ang salitang naglalarawan ng pangngalan ay pang-uri. Ang salitang naglalarawan ng pandiwa ay pang-abay.

##  Subukin Mo

**1** Ngayon, basahin mo ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat mo kung pang-uri o pang-abay ang mga salitang may salungguhit.

1. Mabilis na kumalat ang balita na namatay raw si Mang Diego.
2. Nabagsakan daw siya ng malaking bato na nagbubuhat sa mataas na gusaling itinatayo.
3. Kusang-loob na tumulong ang mga taga-nayon upang maipalibing nang maayos ang matanda.

**2** Isulat sa kuwaderno ang kahulugan ng salitang may salungguhit.

1. Kita pala ang napakalaking balat ng bata.
2. Nahuli na ang kumuha ng sinturong balat.
3. Halos mahuli na ang manggagawa sa trabaho dahil sa bigat ng dala nitong pala.
4. Malakas pa rin ang kita sa ibinebentang bata.
5. Baka ngayon ay mahuli mo na ang nakawalang baka.

**3** Piliin mo at isulat sa iyong kuwaderno ang titik ng wastong kahulugan ng mga salitang may salungguhit.

____1. Naubo si Lola sa aso ng sinisigaang dahon.
____2. Hinabol ng aso ang magnanakaw.

a. usok
b. hayop
c. ulap
d. hangin

____3. Ang paso ay nabasag.
____4, Ang paso ng bata ay napakalaki.

a. lalagyan ng halaman
b. pilat
c. sugat
d. palayan

____5. Sawa na ako sa adobo.
Maraming sawa sa kagubatan.

a. aso
b. hayop
c. leon
d. di na gusto

## Isulat Mo

Basahin mo ang talatang nakakahon. Palawakin mo ito sa pamamagitan ng paggamit ng pang-abay.
Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.

| |
|---|
| Ipinahiram mo ang laruan mong robot sa iyong pinsan. Ngunit hindi sinasadyang nahulog ito at nabasag. Nagalit ka sa iyong pinsan at pinilit mong papalitan. |

Ipakita sa iyong guro ang ginawang talata.
Binabati kita at natapos mong muli ang modyul na ito.